

HANDA NA AKO! BERSYONG PANG-EMERGENCY*

Maaaring magkaroon ng emergency anumang oras at nang walang abiso. Maaaring may kanya-kanyang mga pangangailangan ang bawat kasama mo sa bahay na kailangang matugunan para maayos na makapaghanda sa pagtugon sa emergency. Isipin kung paano maaaring makaapekto ang mga bagay na gaya ng edad, kapansanan, kasarian, kalagayan ng kalusugan, mga pangangailangan sa wika, atbp. sa kung paano kailangang maghanda ng mga tao para sa pagtugon sa emergency. Gumawa ng 4 na iba't ibang sitwasyong may panganib para maipakita ang iba't ibang pangangailangan sa paghahanda at pagtugon ng mga tao.

Mga tagubilin

Mga Aktibidad para Mapaliit ang Posibilidad na Magkaroon ng Sakuna

Oras na Kailangan

1 oras

Hirap

Madali hanggang katamtaman

Mga Kinakailangan

Illustration board, mga marker, mga panulat

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Pils Web** Limitless Project.

● Unang Hakbang

Gumawa ng 4 na iba't ibang sitwasyong may panganib na may mga tao sa mga posibleng emergency.

- Subukang mag-isip ng mga emergency na maaaring mangyari sa pang-araw-araw na buhay. Anong uri ng mga panganib ang puwedeng mangyari sa beach, bundok, lungsod, paaralan, atbp.?
- Maglagay ng mga tauhang may iba't ibang pangangailangan:
 - Etnisidad, edad, kasarian, kapansanan, atbp.
- Isipin ang mga kagamitang kakailanganin sa iba't ibang sitwasyong may panganib.

● Ikalawang Hakbang

Sa bawat sitwasyong may panganib, maglagay ng mga speech bubble sa pananaw ng mga tao nang isinasaalang-alang ang kanya-kanyang pangangailangan nila. Pag-isipan:

- Ano ang nangyari?
- Ano ang kailangan ko?
- Paano ako tutugon?

